**APPROVAL SHEET:**

Ang thesis na ito na pinamagatang **KULTURANG DOKUMENTASYON TUNGO SA PAGPAPAKILALA NG KAKANYAHAN NG LAS PIÑAS** ay iniharap ni **Deil Matthew P. Batalla** bilang pagsasakatuparan sa mga kakailanganin para sa kursong BA Philippine Arts ay tinaggap na.

**Prof. Donna Aelred Bautista**
Tagapayo

**Dr. Pacita Gavino**
Punong Tagapamahala
Departamento ng Sining at Komunikasyon

**Dr. Marilou G. Nicolas**
Dekano
Kolegio ng Agham at Sining

Petsa

# KULTURANG DOKUMENTASYON TUNGO SA PAGPAPAKILALA NG KAKANYAHAN NG LAS PIÑAS

An undergraduate Thesis presented to
The Department of Arts and Communication
College of the Arts and Sciences
University of the Philippines, Manila

In Partial Fulfillment of the Course Requirements
For the Degree of Bachelor of Arts in Philippine Arts

Batalla, Deil – Matthew P.

APRIL 2002

**ABSTRAKT:**

Ang mababasa sa naturang papel na ito ay tungkol sa bayan ng Las Piñas at sa mga kulturang Yamng Napapaloob sa nasabing Papel. Ang mga naisulat ay masigasig na sinaliksik ng nagsulat upang maibigay ang sapat na impormasyon ukol sa nasbing paksa. Ang mga inilaang detalye at ang mga ibang hindi masyadong naipaliwanag ay nirekomenda sa isang masusing pang pagaaral. Ang Las Piñas ay isa sa mga luigar sa timog kamaynilaan na may kakaibang identidad dahil na rin sa mga mababangit na kulturang yaman nito. Ang kasaysayan at iba pang impormasyon ay layung nagbibigay linaw sa mga katanungan kung saan at paano ito nagkaroon sa nabanggit na lugar. Nais Maipakita ng nagsulat ang importansya ng Kultura sa Buhay ng Pilipino at tila sa mga panahong ito ay nakalilimutan na sila isa-isa. Ang mga naturang yaman na nagbigay at nagbibigay buhay sa mga taga Las Piñas. Ang mga natatanging yamn pangkultura ng Las Piñas.

**ACKNOWLEDGEMENT:**

Nagpapasalamat ako sa mga tumulon sa akin upang matapos ko ang nasabing thesis. Una ang panginoon na nagbigay sa akin ng lakas ng loob para matapos ko ang nasabing papel. Ang Pamilya ko na nagbigay suporta at umunawa sa akin. Sa Auntie Lerma ko na nagtiyaga na ipagtype ako sa mga panahong kialangan ko at nagpaprint sa akin noong naubusan na ako ng cartridge. Ang mga Kaibigan ko sa U.P. na nagbigay sa akin inspirasyon at sa mga masasayang araw ko sa nasabing eskwelahan. Sa dami nila hindi ko na mababangit pa yata lahat, pero maraming salamat sa inyo. Sa aking mga guro na nagbigay ng kulay sa college days ko salamat po, Kay Mam Dona, Mam Juliet at Sir Amante dahil tinulungan nila ako sa pagtapos ng nasabing papel. At sa Munisipyo ng Las Piñas at sa kasalukuyang adminisrtrasyon nito dahil pinahiram nila ako ng lahat ng mga kakailanganin ko sa nasabing thesis.

Maraming salamat din sa mga taong naistorbo ko at sa mga nagulo ko rin dahil sa oaghahagilap ng mga kakailanganin ko. Sa lahat maraming salamat at pasensya na.

Ang thesis na ito ay magsisilbing alaala sa akin ng kolehiyo ko sa Unibersidad ng Pilipinas at sa masasaya at mahihirap na araw na pinagdaanan ko dito. At sana maging inspirasyon ito sa mga susunod na gagawa mg ganitong proyekto.

MGA NILALAMAN\;


APPROVAL SHEET……………………………………………………………..

ABSTRAKT…………………………………………………………………...

ACKNOWLEDGEMENT……………………………………………………

MGA NILALAMAN…………………………………………………………

KABANATA I…………………………………………………………………..

INTRODUKSYON…………………………………………………………..

OBJECTIVES…………………………………………………………………..

IMPORTANSYA NG PAG-AARAL……………………………………..

SCOPE AND LIMITASYON……………………………………………..

METHODOLOHIYA………………………………………………………...

KABANATA II (ANG LUNGSOD NG LAS PIÑAS)…………………………..

KABANAT III(MGA KULTURANG YAMAN)…………………………………

SALT BEDS……………………………………………………………………

SABONG…………………………………………………………………...

SAINT JOSEPH'S CHURCH at ang BAMBOO ORGAN…………

ZAPOTE BRIDGE……………………………………………………….....

SARAO and FRANCISCO MOTORS………………………………...

NATURE CHURCH…………………………………………………………..

KABANATA IV (LAS PIÑAS HISTORICAL CORRIDOR)…………………

KABANATA V (KONKLUSYON at RECOMENDASYON)………………....

BIBLIOGRAPHY……………………………………………………………...

APPENDIX…………………………………………………………………….

# *KABANATA I*

# *INTRODUKSYON*

**Introduksyon:**

Sa mabilis na paglipas ng panahon ay mabilis ding umuunlad ang ating buhay tungo sa makabagong sibilisasyon. Tulad ng Las Piñas ay mariin din nating nakikita ang mga pagbabagong ito, sa pagsusulputan ng mga bagong establisyamento at mga inprastraktura na sinasabing senyales ng pag-unlad nito. Ngunit, eto na nga ba ang mga katangian na makapagpapakilala sa Las Piñas?

Tama nga't ang mga establisyamento at inprastraktura ang mga dahilan upang masabing umuunlad ang nasabing lugar, ngunit hindi lamang itong mga to ang makakapagpakilala sa Las Piñas bilang isang mauunlad at magandang lugar. Maaring sabihin na paano mo nasabing kilala mo ang isang tao, sa pamamagitan lang ba ng kanyang magandang anyo, magagarang damit, mga nagmamahalang mga bagay, hindi ba't para masabing nakilala mo ang isang tao ay kailangan na malaman mo ang kanyang nakilipas at ang kanyang panloob na katauhan. Ganoon din ang paraan para makilalang mabuti ang Las Piñas, hindi lamang sa mga bagay na kapansin-pansin sa lugar ang dapat na tugonan ng pansin ang mga naglalakihang establisyamento at nagagandahang inprastraktura, mga malls at iba pang mga bagay o lugar na maaring kapansin-pansin sa lungsod na ito. Dapat din malaman ang kagandahan ng lugar ayon sa kasaysayan nito at ang kulturang napapaloob dito. Ang iba't-ibang bagay na nagbibigay ng kulay sa Las Piñas bilang isang maunlad na lungsod. Eto ang sinasabing mga Kulturang Yaman ng Las Piñas, at ang kaibahan nito sa ibang mga lugar.

**PAGLALAHAD NG PROBLEMA:**

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais ilahad ang kakanyahan at identidad ng Las Piñas tungo sa pagsusuri ng mga Kulturang Yaman nito at ang mga kahulugan at katangian na napapaloob sa mga ito.

**OBJECTIVES:**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong:

- Makilala ang Las Piñas sa pamamagitan ng mga iba't-ibang anyo ng Kulturang Yaman nito.
- Paliwigin ang mga Kulturang Yamng ito at ang maitutulong nito sa pagpapakilala ng identidad ng Las Piñas.
- At suriin ang proyekto ng Lokal na Pamahalaan ukol sa Las Piñas Historical Corridor ayon sa konsepto ng Pamanang Pangkultura.

**IMPORTANSYA NG PAG-AARAL:**

Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing inspirasyon sa mga tao at sa mamababasa nito upang makilala ng mabuti ang Las Piñas at ang mga kakaibang katangian na meron ito. Magbibigay paalala rin ito sa mga tao ng mga kulturang yaman na angkin ng Las Piñas at ng hindi ito mabaon sa limot. Ipahahayag din ng nagsaliksik ang programa ng Pamahalaang Lokal ng Las Piñas ukol sa Historical Corridor nito at ang sinasabing maitutulong nito sa kulturang yaman ng Las Piñas.

**SCOPE AND LIMITATION:**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong bumalik sa kasaysayan ng Las Piñas upang makita ang mga pinagmulan ng kulturang yaman ito ang at kanilang kasalukuyang kondisyon. Ang Las Piñas Historical Corridor Program at ang mga nagawa at magagawa pa rito. Nililimitahan ang pagsusuri sa mga establisyamento at bagkos ay sinaliksik mabuti ang mga Kulturang Yyamn na noon pa'y nandito na sa Las Piñas.

**Methodolohiya:**

Ang nagsaliksik sa pag-aaral ay naglayong kumuha ng mga detalye sa mga taong maykinalaman sa bawat subject. Inaalam din ang mga detalye ukol sa kasaysayan ng Las Piñas at nakuha ang mga sapat na impormasyon sa Las Piñas Almanac, Las Pinas Our Home, at ang City Profile nito. Ganoon din nakuha ang mga detalye na naguukol sa pagpapatakbo ng munisipyo.

Ang mga Kulturang Yaman ay nangaling din sa mga nasabing libro at ang mga ito ay nagbigay pahayag sa kultura ng Las Piñas. Nakakuha rin sa mga sinulat na impormasyon tulad nina Pedro Archetegui at Father Perino Rogliardi. Kumuha rin sa mga artikulo at mga librong ukol sa yamang kultura ng bayan.

Ang tungkol sa Historical Corridor ay sa mga impormasyong isinulat nina Manny Villar at ng iba pang mga opisyal ng gobyerno. At sa mga artikulo, broucher at mga interview (di-pormal na pakikipagusap sa taong may kinalaman sa proyektong ito)

Ang litrato at video ay kinailangan para masuportahan ang nasabing datos sa pagsusuring ito.

# *KABANATA II*

# *LUNGSOD NG LAS PIÑAS*

**KASAYSAYAN NG LAS PIÑAS:**

Ang Las Piñas ay isa sa mga unang lugar na kinikilala na lugar dito sa Timog Kamaynilaan. Ayon sa mga nasulat na kasaysayan ang bayan ngLas Piñas ay isa lamang palaisdaan na inayos at binuo ng gobyernong kolonyal ng Espaῆya noong 1762. Dito na nagumpisang panahanan ang nasabing lugar. Noong 1775, ay inilipat ang pamamahala nito sa Orden Colletos, ngunit hindi pa rin matukoy nung mga pabnahong iyon kung ang Las Piñas ay bahagi ng bayan ng Paranaque o Rizal. Sa kadahilanan na ang Timog Kamaynilaan noon ay sakop pa ng lalawigan ng Rizal.[1]

Ang pangalang ibinansag sa lugar lugar na ito, Las Piñas ay nangaling sa salitang Piña. Sinasabing ang lugar na ito bukod sa pagiging isang palaisdaan isa rin itong malaking taniman ng Piña. Pero bukod dito sa pangingisda at pagtatanim ng Piña ng mga tao, isa pa sa mga tao sa Las Piñas ay ang paggawa ng Asin, dahil na rin sa malapit ito sa tubig alat.

Noong 1798, dumating ang isang misyonaryong pari, na nagngangalang Padre Diego Cera, upang maging Kura Paroko ng parokya ng Las Piñas. Bukod pa dito ay naging regular na municipal na rin ang nasabing lugar ng Rizal nitong taong ito.[2]

Si Padre Diego Cera ang nagdesenyo at gumawa ng unang sinbahan ng Las Piñas ang Saint Joseph's Church Katulong niya ang mga taong bayan sa paggawa ng nasabing simbahan ay inuumpisahan niya na rin gawin nag

[1] History of Las Piñas, Metro Manila, Public Library of Las Piñas, p.1
[2] Ibid, pp.2-3

Bamboo Organ, ang instrumentong nakilala sa buong mundo dahil sa kanyang itsura.

Napakabait na pari ni Padre Diego Cera , at habang siya ang Kura Paroko ay patuloy ang pag-angat ng Las Piñas. Subalit dumating ang pagkakataon na siya ay nanghina na dahil sa kanyang karamdaman noong 1832. Sa panahon ng mga kastila ang Las Piñas ay sumailalim sa napakaraming unos, trahedya at kamalasan.

Laging nilulusob ng kolera at tipos(small pox), marami ang namatay sa mga mamayan ng Las Piñas. Pagkalipas ng ilang taon ay isa nanamang tarhadya ang naganap, 1896 ang Las Piñas ay naging saksi sa madugong labanan ng mga Pilipinong Rebulusyonaryo Laban sa mga kastila. Ito ay naganap sa Zapote Bridge.

Lumipas ang ilang taon, ang Las Piñas ay isang barrio pa rin ng Paranaque. Noong 1901 ay naglabas ng batas (General Order No. 40) na inihihiowalay at babaguhin ang 29 municipality sa pamamahala ni Genaral Ambrosio Flores of Rizal. Dahil dito inihiwalay na ang Las Piñas bilang parte ng Paranaque at isinasauri na ito bilang isang 4$^{th}$ class Municipality , na may bilang ng populasyon na dalawang libo tatlong daan pitongput-apat(2,374). Oktubre 12, 1903, ay naglabas na naman ng bagong batas, ang US-Philippine Commision, Act No.940 na binabawasan ang bilang ng mga Municipyo mula 29

Naging 15 na lamang ang panghahawakan ni General Ambrocio Flores at ng pamahalaan ng Rizal. Hindi napasama ang Las Piñas bilang isa sa labinlimang napili, kaya ibinalik ito sa Paranaque.[3]

Noong Marso 27, 1907 ay naglabas ulit ng bagong batas ang nasabing komisyon (Act No. 1625), na nagsasaad na ihiwalay ang Las Piñas sa Paranaque para maging isang indipendeng munisipyo.[4]

Maraming taon ang lumipas at nagsimula ng mamuhay ang Las Piñas bilang isang bagong municipal sa Timog Kamaynilaan. Noong bilang sumiklab ang giyarang pambansa (World War II). Noong 1941, ang mga kalalakihan sa Las Piñas ay isinali sa pagdepensa laban sa mga sundalong Hapon sa Bataan at Corridor. Nagtayo ng nasabing Garrison ang mga Hapon sa Las Piñas ngunit nahuli at nasupo ang nga ito ng Guerilla at American Liberation Forces noong 1944. Eto na ang naging kahulihulihang naranasan ng Las Piñas na isang madugong labanan.[5]


Bagama't maraming mga di inaasahang pangyayari ang nasaksihan ng Las Piñas ay mas pinatibay pa nito ang damdamin ng mga tao sa hinaharap. Nagsisimula na ang Las Piñas upang umunlad bilang isang independeng munisipyo. Noong 1968, ay inumpisahan na ang paggawa ng South Super Highway at kabilang ang Las Piñas sa mga madadaanan ng proyekto. Sabay ng pormal din inihahayag ang Las Piñas bilang parte ng Metro Manila.

---

[3] Ibid, pp4-5
[4] Ibid, p.5
[5] Las Pinas Almanac, pp.6-8, 1996

Nagbigay daan ito sa Las Piñas upang makilala at dahil din dito ay nag umpisa umunlad ang nasabing lugar. Noong 1980" ay nagawa ang Coastal Road, na nakakonekta sa Maynila at Cavite. At dahil dito ay naging madali itong puntahan ng mga tao kaya'y marami ang nahihikayat na manirahan dito. Mula noon ay unit-unting sumisibol ang Las Piñas tungo sa pag-unlad.

Ngayon, malayo na ang narating ng Las Piñas ukol sa pagunlad nito. Patuloy ang pagsusulputan ng mga malalaking establisyamento, malls at iba pa na parang mga kabute na unti-unitng lumilitaw. Dumarami na rin ang residente dito sa Las Piñas dahil na rin sa pagiging maganda at mapayapa ito. Dahil dito noong Pebrero 1996 pormal na idineklara ng Pangulong Fidel V. Ramos and Las Piñas bilang isang lungsod sa Metro Manila.


MAP
of
LAS PINAS
METRO MANILA
SANTOS HOMES
AIRMENS VILL.
GATCHALIAN VILL.
BP INT'L.
ADMIRAL VILL
Municipality of PARAÑAQUE, Metro Manila
RECLAMATION AREA
ISLA STO NIÑO
VERGONVILLE VILL.
MANUELA SUBD
PHILAM VILL
BF RESORT
ZAPOTE
PULANLUPA UNO
PULANLUPA DOS
PAMPLONA TRES
PAMPLONA DOS
TALON UNO
TALON TRES
TALON DOS
TALON CUATRO
TALON CINCO
ALMANZA UNO
ALMANZA DOS
PILAR VILLAGE
ILAYA
ALDANA
ZAPOTE RIVER
Municipality of BACOOR, Cavite
CITY OF MUNTINLUPA
Municipality of IMUS, Cavite
TINDIG NA MANGGA
Municipality of DASMARIÑAS, Cavite
N

**LOGO:**

Bakas ang kultura at pagyakap sa relihiyong Katoliko ang lungsod ng Las Piñas. Sa kanyang logo bukod tangi ang larawan ng Organong Kawayan (Bamboo Organa0. Nakilala sa buong mundo dahil sa angking katangian nito. Samakatuwid ang pangunahing layunin nito kakambal ng pagtawag ay patuloy ng maykapal. Ito ang sinbolo ng Las Piñas.



**Geograpiya at Lokasyon:**

Ang Las Piñas ay may humigit kumulang na apat na libung hectarya ng lupa. Ang sukat at sinasabing mataba ta madaling tamnan ang lupa dito. Eto ay matatagpuan na malapit sa gitna ng Zapote at Las Piñas Rivers. Ayon sa city hall planning department.

> "A gently indulating hill can be found on the douthern portion of town Baranggay Almanza Dos at the boundary of Bacoor and Muntinlupa reading an elevation of 80 meters above main sea level."

Ang Las Piñas ay nasa timog ng Parañaque, sa hilagang silangan ng Muntinlupa, sa hilaga ng Imus, Cavite at sa Kaunlaran ang Bacoor, Cavite. Sa timog kanluran naman ang Manila Bay. Ang kalahati ay para sa mga establisyamento, malls at iba pang Komersyal at infrastractura.[6]

---

[6] Las Piñas City Profile, p. 2

**MGA TAO: (Las Piñeros)**

Ang mga tao sa siyudad ng Las Piñas ay maituturing na maraming nakaaangat sa buhay pero mabubute pa rin and pag-aalaga sa kapakanan ng bayan. Dito na makikita abg pagsuporta sa gobyerno sa anumang proyekto nito, at mariin pa rin ipinapahalagahan ng mga Las Piñeros ang kulturang nasa sariling lugar. Nandito rin ang pag-aaruga sa Pamilya dahil bukal pa rin sa puso ng mga tao ang mga adhikain at magandang aral ng ating bayan. Ang pagsisimba at pagdalo sa anumang kapistahan at okasyon ay malugod pa ring sinusunod.

**EKONOMIYA:**

Masabing isa nang maunlad na bayan ang Las Piñas. Marami na ring naglalakihang mga gusali at mga establisyamento, malls at iba pa. Ang kagalang galang na mayor na si Nene Aguilar ang bumabalikat ng responsibilidad upang mapaunlad ang ekonomiya sa Bayan ng Las Piñas noong 1991;

"The actual means 85 million pesos up to 229.7 million during 1995. 270% is the actual raise when it reached 1996 and is still growing..."

Marami ng industriya ang nagsulputan sa bayn ng Las Piñas kagaya ng mga sumusunod; Goodyear, Philips Inc., The Phil. Standard at ang kilalang Sarao at Francisco Motors. Marami ring export/import na pinagkakaabalahan ang mga tao sa Las Piñas. Dito rin matatagpuan ang maraming Real Estate, pabahay na kahit ordinaryong mamamayan ay kayang bumili. Katulad ng Camella houses, Manuela, San Muguel Properties at VAA Builders.

Noong binuksan ang South Super Highway noong 1976 at ang Coastal Road noong 1980 ay mas marami nang pumasok na negosyo at mga kumpanya sa nasabing lugar.[7]

---

[7] Ibid, p. 7-9

Ang Sucat at Parañaque road ay isa sa mga daan papunta sa bayan ng Las Piñas. Kung dadaan ka ng coastal ay madadaanan mo ang Manila Bay. Kakanan ka lang sa may dulo ng daan para pumasok sa Zapote Flyover. At kung sa South Super Highway ka dadaanan ay kailangan mong dumaan sa Alabang na magsisilbing koneksyon nito sa Las Piñas.

Para maiwasan ang trapiko ay maaari naman dumaan sa mga "Friendship Routes", kung tawagin dahil na in sa maganda ang daan dito ay diretso ka pa. Makadadaan ka lamang dito kung may nasabing sticker ka.

Ang mga jeep, taxi, FX, bus at iba pang pampublikong sasakyan ay matatagpuan din dito sa Las Piñas, na maaring manging madali para sa tao ang makapunta at makauwi dito.

Ang Las Piñas ay malapit sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) at sa seaport ng South Harbor sa Manila de Bay.

**MUNISIPYO NG LAS PIÑAS:**

Ang municipyo ng Las Piñas ay masasabing siyang nag-alaga ng lungsod at nagpapanatili ng ganda at organisasyon nito. Bukod pa dito ay maraming mga proyekto na ginagawa ang gobyaerno na umukol sa pagpapanatili ng kaayusan. Dahil na rin sa magandang pamalakad nito ay mabilis na umaasenso ang naturang bayan ng Las Piñas.

Ang unang munisipyo ay itinayo sa may old district ng Las Piñas, isa lamang itong bahay na nasa gilid ng mismong daanan. Ang pangalawa ay ang ginagawa ngayong District Hospital sa old district ng Las Piñas, makikita parin ang bakas ng nasabing munisipyo. At ang pinakabagong munisipyo ay yung nasa Alabang-Zapote road na ang aayos ay mismong nagsisimbolo ng kapayapaan at katahimikan ng ciudad. Pinapakita rin sa ayos ng munisipyo ang architecturang Espanyol.

Ang mga opisyales na nakapuwesto sa nasabing bayan ay sina; Congresswoman Cynthia Villar, Mayor Nene Aguilar, Vice-Mayor Louie Bustamante, at mga Konsehal nito na sina : Ching Fabian, Ruben Ramos, Pip Camilla, at ang mga iba pang konsehal na nagbibigay serbisyo sa nga mamamayan nito.

Ang lokal na pamahalaan at ang mga tao ng Las Piñas ay nagtutulungan para sa ikagaganda ng buong komunidad.

Figure 1: Las Piñas City Profile[8]

| | |
|---|---|
| Land Area: | 32.98 sq.kms. |
| Population: | 472,780(as of 2000) |
| Population Growth Rate: | 2.93(1995-2000) |
| Population Density: | 11.392 |
| Average Household Size: | 4.8 |
| No. of Baranggays: | 20 |
| Classifications: | Highly Urbanized City |

[8] Ibid, p.1

# *KABANATA III*

# *KULTURANG YAMAN*

**KULTURANG YAMAN:**


Ang lungsod ng Las Piñas ay masasabing umunlad patungo sa makabagong panahon. Datapwat di man ikakaila na ang mga pagbabagong nagaganap sa lungsod na ito ay ang mga pagsusulputan ng mga establisyamento at malalaking korporasyon na nagbibigay ng pera sa ating lipunan at nagpapaikot sa ating kultura.

Ngunit yon lang ba ang maaring makilala sa lungsod na ito ang mga bagong establisyamento na mariing ipinapaikot ang sistema ng ekonomiya. Paano na ang mga kultura na dati sa atin pa'y meron na? Ang mga kultura ba na nasabing meron ang Las Piñas ay tila baliwala na lamang sa mga tao. Di ba't dapat lang namakilala ang isang lugar sa pamamagitan ng kanyang mga kultura at upang makilala rin ang mga tao dito. Ano nga ba ang identidad ng Las Piñas?

Las Piñas di man alam ng ibang tao ay naging parte ng kasaysayan ang bayang ito. Dito mariing ipapakita sa inyo ang iba't-ibang yamang pangkultura na nagbigay ng kulay sa lungsod ng Las Piñas at sa kasaysayan ng lugar na ito. Maaring sabihin ang mga kulturang yaman ng Pilipinas ay nagbibigay ng kahulugan sa mga tao.

Ang mga Kulturang Yaman ng Las Piñas na mababangit ng manunulot dito ay ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod ukol sa kanilang taon ng paglitaw sa Las Piñas...

***SALT BEDS O ASINAN:***



**SALT BEDS o ASINAN:**

Ang Asinan ang naging pangunahing produkto ng Las Piñas kiahit noong mga panahon ng Las Piñas. At ang industriya ng paggwa ng Asin ng Las Piñas, kinilala ito bilang Salt Center ng Metro Manila at dahil din dito ay binansagan ang Las Piñas bilan Salt-Basket dahil na rin sa produksyon dito. [9] Sa kadahilanan na nag Las Pinas ay malapit sa dagat kaya magiging madali ang produksyon nito.

Ang paggawa ng Asin ay dumadaan sa ganitong proseso ; ipinapapasok ang tubig alat sa mga pitak ng Asinan. Nagagawa ito sa pamamagitan sa pamamagitan ng mga estero o kanal na nakapaligid dito. Pag High Tide (mataas ang tubig) ay itnataas ang mga harang sa estero upang makapasok ang tubig, kapag Low Tide naman (mababa ang tubig) ay ibinababa ito yupang hindi ito lumabas. Ang tubig sa bawat pitak ay sinasala o ipinifilter para maging asin at patuyuin ito sa sikat ng araw.

Ayon kay Mang Kiko Espejo, isang trabahador ng nasabing ng mga iilang salt beds sa nasabing lugar, "Ang paggawa ng Asin ay dumidepende sa lagay ng panahon. Kung maganda ang sikat ng araw at hindi masyadong mahangin maaring mabilis ang pag-ani ng asin, pag hindi naman kagandahan ng panahon ay kailangan mong maghintay ng isa hanggang dalawang linggo. Pagmaganda ang ani ay may benteng sacko (20 sacks) ang maaring mapuno nito kung hindi naman ay anim hanggang pito (6-7 sacks) lang".

Sa mga panahon ngayon ang industriya ng asin ay unti-unting ng natatakpan at natatabunan ng mga malalaking establisyamento at inprastraktura na unti-unting pumapatay sa industriya. Paano na ang mga kagaya ni Mang Kiko na dito na kumukuha ng kanilang ikinabubuhay at ang kanilang pinaghirapan

---

[9] Las Pinas Our Home, pp. 7-11

upang magkaroon ng ganitong industriya ang Las Piñas kahit hanggang sa kasalukuyan panahon. Iilan na lamang ang Salt Beds o Asinan sa Las Piñas, kinabibilangan ito ng mga nasa E. Aldana, Baranggay Manuyo Uno, Daniel Fajardo at Ilaya. Dahil dito ay iilan na lamang ang katulad nila Mang Kiko. Kaya ang lokal na pamahalaan ng Las Piñas ay gumagawa ng paraan upang maibalik ang prestihiyosong industriya ng asin sa nasabing lugar. Kabilang ito sa programa ng Las Piñas Historical Corridor na naglalayong ibalik ang ganda at sigla ng nasabing asinan.

**SABONG (COCKFIGHT):**

Sa Las Piñas ang sabong ay isa sa mga kulturang minana pa sa mga ninuno nito. Buhay na buhay pa rin ang nasabing kulturang ito dahil na rin sa mismong arena ng Sabong sa Las Piñas. Ang Cockfight Arena ay isang establisyamento na itinatag sa Las Piñas noong 1982.[10] Inilagay ito sa Zapote Plaza kung saan hanggang ngayon ay nandoon pa rin siya.

Masasabing matagal na ang kultura ng Sabong sa buhay ng mga Pilipino. Ang pagkakaroon ng Las Piñas sa sabong ay ang isang prebilihiyo o isang karangalan para sa nasabing lugar. At noong mga panahon pa ng Kastilla ay sinasabing ang mga tao dito sa Las Piñas ay mahilig magalaga ng manok, at ang mga tao dito ay ginagawa itong ilaban sa ibang lugar, maliit na sabong lamang ang ginagawa nila tinatawag itong Topada. Ang paglalaro ng Sabong sa panahon ngayon ay isa na lamang paglilibang ng mga tao, ngunit ang pagbubuhay pa rin ng kultura na makikita sa ibang pananaw nito ay pinananatili parin nila sa puso ng nasabing lungsod.

Ayon kay Mang Ric Labayo, isang sabongero at nagtatrabaho din sa arena ng sabong, "Ang sabong dito sa Las Piñas ay nagbibigay sigla sa mga tao lalo na pagmahilig kang maglaro ng ganto, kaysa tumayo ka sa lotto o bingo, dito malaki ang chansa mong manalo. Basta alam mo kung matibay ang manok na pupustahan mo".


Nakakatulong ang kultura ng Sabong sa Las Piñas dahil na rin sa mga taong napapahilig dito. Ang Sabong ay may malaking parte rin sa buhay ng ekonomiya ng Las Piñas, sa kadahilanan na ang mga tax na binabayaran ng nasabing lugar o arena ng sabong ay nagagamit ng gobyero sa kanilang mga

---

[10] Las Piñas City Profile, pp5-9

proyekto. Ngunit bakit tila yata ang mga tao ay nawawala na ang pananaw sa sabong at ginagawa na lamang itong isang paglilibangan. Dinadaan nila itong sugal ngunit ginagawa nito ang pagbubuhay ng kultura. Di mo nga lang alam kung saan ba ang dapat ipalagay ang sarili ang pagsusugal o ang pagaalaga ng kultura.

## *SAINT JOSEPH'S CHURCH*



***ANG BAMBOO ORGAN:***



**SAINT JOSEPH'S CHURCH at ang BAMBOO ORGAN:**

Kilala sa buong mundo ang Las Piñas dahil na rin sa ito ang lugar kung saan matatagpuan ang isa sa pinakalumang simbahan sa bansa ang Saint Joseph's Church na nabuo noong 1816-1819.[11]

Ang simbahan ay yari sa mga batong adobe (volcanic stones) na pinagtulungang gawin nina Padre Diego Cera, ang kaunaunahang kura paroko natapos ang nasabing simbahan. Ito ang simbolo ng mga tao sa Las Piñas at ang kanilang pagpupunyagi at pagsisikap para maitayo ang nasabing simbahan. Ang Saint Joseph's Church para sa mga tao ng Las Piñas ay ang tahanan ng Diyos at ang tanda ng pagmamahal sa lupang tinubuan.

Sa loob ng simbahan ay makikita pa rin ang orihinal na anyo nito, ang mga bintana na naglilitawan ang ganda, sa loob man ng simbahan o sa labas. Ang mga lalagyan ng kandila at ang mga gamit sa pagbibinyag ay masasabing antigo (antique) na. Ang lumang Kampaña ay nandoon pa rin eto ang simbolo ng simbahan habang lumilipas ang panahon, dito rin maaring malaman sa kampanang ito kung gaano na katagal ang simbahang ito. Ang iilang parte ng sahig ay hindi pa rin pinapalitan. Ang Sacristy, Tabernacle at Altar ay inaayos at napalitan na ngunit ganoon pa man ay ibinabalik pa rin ang anyo nito.

Sa loob ng simbahan matatagpuan ang Bamboo Organ (kawayang organ), sinasabing nagiisa lang ito sa mundo. Ito rin ay ginawa ni Padre Diego Cera

---

[11] The Bamboo Organ of the Las Piñas, pp.5

noong 1816 at natapos siya sa paggawa nito noong 1824. Ginawa niyo ito sa loob ng walong taon (8 years).[12]

Ang kalahatang bilang ng mga kawayan na ginamit sa pagbuo ng instrumentong ito ay humigit kumulang isang libu't tatlongput isa (1031). Itinago ang mga ito sa lumang Sacristy, at inilubog ito sa buhangin upang hindi magkaroon ng mga dumi at maiwasan ang pagkasira nito. Bukod sa ganda ng pisikal na itsura nito ay matibay ang pagkakagawa at kahit sa tatlong kilometro (3 km) ang layo mo sa simbahan ay maririnig mo pa rin ang kaakit-akit na tunog nito.

Noong mga panahon ni Padre Diego Cera sa paninilbihan at paninirahan dito sa Las Piñas ay maraming sakuna ang nangyari at sa kadahilanang ito ay nakasisira ito ng simbahan at ng nasabing Bamboo Organ. Dahil dito siya rin ang sinasabing kauna-unahang "restorer" nito.

Pagkaaalis ni Padre Diego Cera sa Las Piñas ay nahihirapan na sila gawin ang naturang instrumento at dahil dito sa paglipas ng panahon ay maraming taon din itong hindi natutugpuan.

Noong 1972, ibinigay ang kontrata sa paggawa at pagbabalik sa ayos ng nasabing organ kay Johannes Klai Orgelbau ng Germany. Dinala ito sa Germany noong 1973 oara pangalagaan at ayusin ng nasabing tao. Habang nandoon ang organ sa Germany ay isang malaking proyekto ang ginagawa sa pag-aayos ng simbahan.[13]

---

[12] Ibid.p.7

Noong Marso 1976 ay ibinalik sa Pilipinas ang nasabing instrumento, at simula noon ay marami ng konsierto ang ginagawa at itinatanghal dito sa Saint Joseph's Church. Ang Bamboo Organ at ang nasabing simbahan ay inaayos at ibinalik sa anyo noong $19^{th}$ century nina Bobby Manoșa at Ludwig Alvarez. Ngayon ang simbahan ng Saint Joseph ay mas lalo ng pinalawak at pinalawig. Ang mga simbahan ay ginawa ng tindahan ng mga Souvenir at Novelty Items. Makikita rin dito ang nasabing paaralan ng Saint Joseph Academy. At may maliit na palaruan para sa mga bata.

Ang Saint Joseph's Church at Bamboo Organ ay masasabing mga nattanging yaman hindi lamang para sa Las Piñas kundi para sa buong mundo.

[13] Ibid, p.11

**INTERNATIONAL BAMBOO ORGAN:**


Nagsimula ito noong 1975, at naging isang tradisyon na ito sa Las Piñas. Kada taon iba't-ibang presentasyon at iba't-ibang mga musikero at piyanista ang iniimbitahan sa nasabing pagdiriwang. Pilipino man o dayuhan ay inaanyaya sa okasayong ito, marahil kaya rin ito tinaguriang Internationl Bamboo Organ.

Ang nagorganisa at bumuo ng konseptong ito ay ang Bamboo Organ Foundation. Ito ang foundation na nagpapangalaga at nagtataguyod ng sining at kultura ng Bamboo Organ na ito. Nagpapadala mga iskolars ang nasabing grupo kagaya nina Armando Salarza (organ performance and church choir), Gerardo Fajardo (choir conducting), Edgar Montiano at Cealwyn Tagle (organbuilding) at marami pang iba. Bawat isa sa kanila ay nakapagtaguyod na ng kani-kanilang pangalan sa buong mundo.

Ang programa ay nagumpisa noong Pebrero 21, nagsimula ito sa pamamagitan ng misa at parada ng mga estudyante ng St. Joseph Academy para pormal na magbukas ang celebrasyon. Noong Pebrero 22-24 ay ang mga tugtog ng nasabing iskolar at ang mga kasama nitong mga piyanista sa iba't-ibang panig ng mundo. Ang mga tinugtog nila ay mga piyesa nina Bach, Mozart at iba pang musikong klasikal. At ang pagdiriwang na ito ay ginanap tuwing Pebrero sa kadahilanang ang buwan na ito ay ang buwan na nagawa ang nasabing instrumento. Ngayon taon ay nagimbita sila ng mga piyanistang/organista na taga aGermany, Austria at Italy upang tumugtog sa nasabing okasyon. Dahil na rin sa kakaibang ganda ng Bamboo Organ ay


naiingayo sila na sumali sa nasabing pagdiriwang. Maaring isasa pinakaespesyal na gabi ay ang pagtugtog ng "Grand Maestro" ng Pilipinas na si Ryan Cayabyab noong Pebrero 28-Marso1 kasama ang Philippine Harmonic Orchestra sa isang Misa de Galo.

### *ILLUSTRATION BATTLE OF ZAPOTE:*






***ZAPOTE BRIDGE:***



**ZAPOTE BRIDGE:**

Ang tulay na ito ang naginig saksi sa madugong labanan ng mga Pilipinong rebolusyonaryo at ng sundalong Kastilla. Ang malagim na pangyayaring ito ay naganap noong Pebrero 16, 1987 at isa ito sa mga pangunahing dahlan sa pagsiklab ng rebolusyon. [14]

Ang Zapote Bridge ay isang daan patungo sa Cavite, na sinasabing "Hotbed" sa panahon ng digmaan. At sa biglang paghudyat noong Augusto 1896, ang mga sundalong Kastilla ay napaalis sa Cavite at itinaboy sa ibang nakalalayong lugar. Dahil dito ay bumalik ang mga sundalong Kastilla at nagdala ng maraming kasama mula sa kanilang batalyon.

Naharang ang grupo nila Gen. Emilio Aguinaldo sa pamumuno ni Gen Ernesto de Aguirre ng Espany. Nagkaroon ng matinding pagtutungali at dahil dito ay sumabog ang nasabing kalahati ng Zapote Bridge para hindi makapunta ang ibang kalaban ng mga rebolusyon, at sabay sumugod ang mga nasabing "BOLOMEN" upang sumali sa nasabing engkwentro. Marami nasawi sa mga Pilipino, halos 50 ang nasugatan, at marami ang binawian na nang buhay gaya ni Gen. Edilberto Evangelista na nasawi rin sa labanan.

Nang makakatakas na sina Gen. Edilberto Evangelista ay naiwan niya ang kanyang espesyal na espada at kinuha ito ni Aguinaldo. At dahil dito ay tinawag niya ito bilang isang tropeo na kung tawagin niya ay "sword of courage".


---

[14] Archetgui, Pedro S., Aguinaldo and the Revolution of 1896, p.2

Ang Zapote Bridge ay idineklara ni Presidente Fidel V. Ramos kasama sina dating Congressman Manny Villar, Mayor Nene Aguilar. Ito ay sumisimbolo sa katapangang ipinamalas ng mga Rebolusyonaryong Pilipino sa makasaysayang kwento ng ating bansa.

Ang Zapote Bridge ay isa lamang sa masasabing "historical landmark" o tanda na ang bayan ng Las Piñas. Ngunit ngayon ay ipinigsasawalang tabi na lamang ang pagsasaayos nito. Bakit kaya tila ito ay pinabayaan?

***ANG SARAO MOTORS:***



**SARAO at FRANCISCO MOTORS:**

Nakilala ang Las Piñas bilang isang "center of Jeepney Building" sa buong mundo noong mga panahon ng dekada 60's. At dahil na rin sa bayang ito ang pinakakilalang paggawaan ng nasabing sasakyan, ang Sarao Motors.

Ang mga nakaisip at nakaimbento ng nasabing "Philippine Form of Transportation" ay sina Leonardo Sarao at Anastacio Francisco, mga naninirahan sila sa Las Piñas at dahil dito ay nagbigay sila ng karangalan sa nasabing lugar. Ang ideya ng pagbuo ng ng nasabing sasakyan, ay nagmula sa mga G.I. Jeeps (galvanized iron jeeps) na naiwan noong mga Amerikano noong pagkatapos nang pangalawang Digmaang Pandaigdig (World War II).[15]

Pinag-aralan mabuti nina Leonardo at Anastacio kung ano ang maaring gawin sa nasabing transportasyon. Nang naisakatuparan na nila ang kanilang plano, ang dating "fully armed vehicle" ay isa na ngayong pampublikong sasakyan. Nailabas ang unang produkto at gawa nito noong mga huling taon noong 1950-60's at sabay ipinakita ito sa publiko. Bakas dito sa pisikal na itsura ng Jeep ang pagka Pilipino ng gumawa nito.

At sa paglipas ng panahon ay napakarami ng pagbabago ang ginawa sa itsura ng natataging "Filipino Transpotation", sa buong mundo. Ayon kay Mang Berting Esquillo, isang jeepney driber na ang ikinabubuhay niya para sa kanyang pamilya,

"Malaki ang naitutulong ng Jeep sa ating mga buhay at sa aking pamilya, pagmaganda ang pasada, kumikita ako ng apat hanggang limang daan (400-500 pesos) sa isang araw. Nakakainis lang pagtrapik lalo na sa may baclaran.

---


[15] Las Pinas Almanac,pp.40-45

Pero masarap talaga ang magpasada ng jeepney lalo na pagnakikita ka ng iba't-ibang tao sa araw-araw".

Isa lamang si Mang Berting sa milyun-milyong driber ng nasabing sasakyan. Ngunit bakit ang industriya ng Sarao ay isinara paano na ito makakapagpahatid ng tulong sa iba't-ibang tao.

Ang paggawaan ng Sarao ay nasa daan ng Padre Diego Cera na malapit sa Ilaya, Manuyo uno. At ngayon ay isa nalamang itong talyer at paggawaan ng mga sirang Jeepney. Ngayon nasaan na ang nasabing Kulturang Yaman ito?

***NATURE CHURCH:***





**NATURE CHURCH:**

Ang simbahang ito ay ginawa noong dekada 70, ngunit nasa processo pa ito ng pagaayos, kaya't idineklara noong Diyembre 6, 1987.[16]

Ang Nature Church ay may sukat na apat na libong kwadrado. At ang paligid nito ay masasabing paraiso. May mga iba't-ibang klase ng puno at halaman ngunit karamihan dito ay puno ng manga.

Ang lugar na ito ay binubuo ng mismong simbahan, paaralan na matatagpuan sa likuran ng lugar, ang confession hall at counseling center. Meron din itong Adoration Chapel, Banguet Hall, Library at ang Opisina ng simbahan.

Masasabing kaakiba ang simbahang ito dahil na rin sa kakaibang itsura nito. Sa unahan ng simbahan ay makikita mo na ang pintuan na mulas sa sanga ng mga kahoy, at ang magagandang adobe (volcanic stones) na mkikita rin sa Saint Joseph's Church ay siyang pader ng simbahan.

At sa loob ng simbahan ay makikita ang mga upuang nagmula sa katawan ng puno, ang latar na kinuha sa mga sanga ng mga puno. Ang sahig ay marmol at bato na isinasahalintulad sa mga pader ng simbahan. Ang mismong altar ay nagmumukhang "miniature landscape", dahil na rin sa mga kawayang upuang nandito. Ang bubong ng simbahan ay gawa sa nipa para mas maging maaliwalas ang lugar. At ang buong hardin na nagdadala sa ganda ng simbahan.

---

[16] Father Perino Rogliardi, The Nature Church, pp.1-5

Maraming aktibidades ding ginagawa dito sa nasabing simbahan. Bukod sa regular na misa ay may espesyal na okasyon din tulad ng fiesta tuwing Disyembre 8 at mga programa at espesyal na misa tuwing semana santa.

Ang simbahang ito ay sumasailalim sa Folklary Movement na nagsasaad na di katulad ng ibang simbahan matagal itong magpalit ng Kura Paroko. Kaya't pangalawang kura paroko pa lamang si Padre Colin Apap ang kasalukuyang kura paroko ng simbahan. Ang nauna ay si Padre Perino Rogliardi na naging kura paroko ng Nature Church at nag-isip ng konsepto ng simbahan sa loon ng labin-limang taon (15 years).


Ayon kay Ate Remy Habunal, isa sa pinakamatagal na empleyado ng simbahan, "masaya rin ang ganong sistema, dahil sa kahit konti lang ang empleyado, nalalaman mo ang ugali ng bawat tao at nakikilala mo rin mabuti ang iyogn kura paroko para na rin sa ikagaganda ng takbo ng simbahan."

Ang nature Church ay isal lamang sa dalawampu't pitong simbahan sa Las Piñas. Ngunit sa kakaibang ganda nito di kadudaduda ang dami ng taong pumupunta dito para magsimba.

## *KABANATA IV*

## *LAS PIÑAS HISTORICAL CORRIDOR*

# LAS PIÑAS HISTORICAL CORRIDOR



Ang programa na naguukol sa restorasyon ng ilang establisyamento sa Historical Corridor ng Las Piñas ay nagumpisa na at sinimulan ito noong Pebrero 22, 1995, sa ilalim ng batas ng Republika Act No. 8002, na isinulat mismo ni Manny Villar na nagsasaad ang pagpapaayos ng historical corridor at ang pagturing sa mga sumusunod na lugar bilang isang "Tourism Attraction", Saint Joseph's Church at Bamboo Organ, Zapote Bridge, Asinan, at ang Father Diego Cera Bridge.

Ang plano ng Historical Corridor ay ang pisikal na restorasyon at transpormasyon ng kultura para maibalik ang larawan noong panahon ng mga Kastila. Ang proyekto ay ibinase sa Vigan at Intramuros ng proyekto tungkol sa pagbibigay buhay sa panahon ng mga architecturang Espanyol.

Sa pasukan ng Las Piñas, kung galing ka ng Parañaque ay itatayo ang isang **Boundary Arch** para ihayag na ito ang umpisa ng Las Piñas at ng Historical Corridor. And desenyo at istraktura ay gawa sa Bamboo upang isimbolo ang pagiging matikas at matatag. Pagkalampas mo sa Arch ay makikita sa kanan bahagi ang saint Joseph at katapat nitong nasabing simbahan sa kanang bahagi ay ang binubuong **Plaza police at fire Station at ang Las Piñas Public Library**. Ang nasabing mga lugar ay papunta na ngayon sa isang maalking pagbabago. Ang plaza ay malapit ng matapos at magsilbing parke para sa mga tao dito sa Las Piñas. Ang Police Station naman ay hindi pa masyadong ayos at ang Fire Station ngunit kung titingnan ninyong mabuti ang istraktura ay kitang-kita ang desenyong espanyol. Ang Library pa lang ang bukas para magsilbi sa mga tao at dito ay kitang-kita ang colonyal na desenyo ng Espanyol.

At habang naglalakbay ka sa old District Corridor ng Las Piñas ay makikita ang unag munisipyo na ngayon ay isa na lamang bahay. Malapit pa rin ito sa Public Library.

**Ang Gabaldon Hall, padre Diego Cera Bridge at Plaza Quezon** ay makakatabi lamang dito. Ang gabaldon hall ay tapos ng gawin at ito ay isang pangelementaryang eskwelahan. Ang Padre Diego Cera Bridge naman ay bilang simbolo sa kaunaunahang pari ng Las Piñas na si Padre Diego Cera, at bilang isa sa mga naging pundasyon at tagagawa ng Las Piñas. Ang Plaza Quezon ay magiging simbolo ng maraming mga pagsasagawa ng kilos protesta at mga pagaalsa para maisulong ang katarungan. Ngayon ang dalawang ito ay inumpisahan ng gawin. Tapos na ito at dito ngayon ginagawa ang mga moro-moro at iba pang pagtatanghal sa nasabing lugar.

Ang **District Hospital ng Las Piñas** at ang **Manpower School** ay nagawa na halos konting abhagi na lamang ang kulang at kitang-kita dito ang magandang desenyo ng pagiging kastila nito. Ang district hospital ay ang dating munisipyo, ito ang sinasabing pangalawang munisipyo ng bayang ito. Nagbibigay na ito ng serbisyo sa mga tao. Ang manpower school naman ay bukas na apra sa pag-aaral ng mga kabataan o mga nakakatanda, dahil ang eskwelahang ito ay naglalahad ng mga vocational courses para sa mga taong di kayang makapag-aral sa isang magandang eskwelahan, at saka makakatulong ito upang magamit nila bilang kabuhayan.

Ang **Asinan or Irasan Center** ay ibabalik ulit sa Las Piñas at ang sinasabing industriya nito. Ipapakita nito sa mga tao at ibang torista kung paano ginagawa ang

asin. Sinasabing kasingtanda ng Las Piñas ang industriyang ito. At dahil sa pagbabalik ng Asinan ay ibabalik din nito and datign sigla sa industriya ng lungsod. Ang magiging itsura nito ay isang resort na may "fishing village, at paggawaan ng isang bukid nang asin.

Ang **Zapote Bridge** naman ay ibabalik sa orihinal na anyo nito simula pa noon. Ang "landmark" na nagsisilbi ng tanda para sa tulay na ito ay nilagay na nang **National Historical Institute**. Eto ang nagsisilbing inspirasyon sa mga tao sa katapangan at kadakilaan ng mga Pilipino.

Ang tulay na ito ang naging saksi sa maraming dugong kumalat at maraming buhay ang nasayang.

Ang pagkakaroon ng mga ganitong uri ng proyekto ay nagsasabi upang bigyang daan ang pagunlad din ng kultura ng mga Pilipino. Ang programang Las Piñas Historical Corridor ay ibinase sa Vigan at Intramuros program na naglalayon maghatid ng saya at kaligayahan sa buong Las Piñas sa pamamagitan ng pagbabalik tanaw sa itsura noong mga panahon ng kolonyal Espanya.

Hindi lamang ang mga establisyamento ang inaayos nang lokal na pamahalaan, pati na rin ang mga **Sidewalks** ay gagawing mga cobblestone, para maging "pedestrian friendly" ito. Maglalagay ng mga **White Post Lamps, Bollards, Waiting Shed at Garbage Cans** na magpapakita ng architecturang Espanyol.

At bilang pagtatapos na nasabing programa ay gagawa ng isang **Historical at Cultural Museum** na magiging regalo ni Manny Villar sa mga tao ng Las Piñas. Ito ang magsisilbing lalagyan at tagpuan ng mga iba't-ibang yaman ng kulturang Pilipino. Ito rin ang magsisilbing karagdagang "attraction" dito sa Las Piñas.

Ang programa ng local na pamahalaan ukol sa Las Piñas Historical Corridor ay naglalayong maipakita sa mga tao ang yamang kultural at historical sa bayan ng Las Piñas. Ito rin ay nagsisilbing tulay patungo sa magandang hinaharap ng nasabing lungsod.

***BOUNDARY ARCH:***



***LAS PIÑAS PUBLIC LIBRARY:***




## ***POLICE AND FIRE DEPARTMENT (under construction):***



***MANPOWER SCHOOL:***



**NEW DISTRICT HOSPITAL:**



***IRASAN CENTER (on-going process):***





***LAS PIÑAS PARK (not yet finished):***



**_PLAZA QUEZON:_**




***NOVELTY ITEMS AND SOUVENIR SHOP:***




***FATHER DIEGO CERA BRIDGE:***



**GABALDON HALL:**



***BARANGGAY HALL OF ZAPOTE:***



## *KABANATA V*

## *KONKLUSYON AT REKOMENDASYON*

**ASSESSMENT at KONKLUSYON:**

Ang mga pagbabagong nangyayari sa Las Piñas ay patungo sa magandang bukas na inaabot nito. Ang mga bagong establisyamento at mga inprastraktura na naglilitawan sa lungsod ay ang sinasabing tulay patungo sa makabagong milenyo. Ngunit hindi ba't marami narin ang mga establisyamento at inprastartura sa ibang lugar lalo na dito sa kamaynilaan. Paano masasbing katangi-tangi ang Las Piñas, ano ang kakaibang katangian angkin ng lungsod na ito?

Ang mga sinasabing yamang ito ay ang mga sumusunod: Ang **Salt Beds** o **Asinan** ay maituturing na kulturang yaman ng Las Piñas sapagkat ito ay kakaiba, hindi lahat ay may ganitong uri ng industriya, lalo na sa kamaynilaan. Marahil ay maari na rin sabihin na ito ay isang "Natural Gift" bunga ng magandang "Geographical Location" ng nasabing lugar.

Marahil ganoon din ang masasabi sa **Sarao Motors**, katangi-tangi ang industriyang ito dahil sa dito ipinamalas ng Pilipino ang kanyang kagalingan sa paggawa at ang katalasan ng isipan, (ingenuity) upang mabuo ang nasabing sasakyan, na ipinagmamalaki ng Pilipinas sa buong mundo. Sapagkat tayo lamang ang may ganito. Ang "man-made" industry na ito ay sumisimbolo sa kagalingan ng Pilipino. Dito lamang matatagpuan ang orihinal na paggawaan nito sa Las Piñas. Madiing pinagsama ng manunulat ang dalawa sa kadahilanan na ito ang mga unti-unti ng bumabagsak sa pananaw ng mga tao at ito'y kanila ng nakalilimutan. Dahil na rin sa ibinigay ng mga nabangit na industriya sa Las Piñas at ang karangalang ipinamahagi nito.

Ang **Saint Joseph's Church** at ang **Bamboo Organ**, ang maaring magiging mga unang sagot kapag itinanaong kung ano ang maaring alam mo tungkol sa kultura ng Las Piñas. Ang Saint Joseph ay isa sa pinakaunang simbahan dito sa kamaynilaan. Masasabing katangi-tangi rin ito dahil na rin sa pisikal na itsura ng simbahan at ang pagiging "landmark" nito sa Las Piñas na sumisimbolo rin sa mga tao at ang kanilang pagpupunyaging maitayo ang simbahan sa loob ng tatlonpung taon (30 years), kasama si Padre Diego Cera. Ang Bamboo Organ din ay masasabing kakaiba, dahilan sa pisikal na itsura ng nasabing insturmento at ang kaayayang tunog nito na nakaaakit ng mga makikinig nito. Masasabi itong isang "Musical Artifact" na bumibilang sa kagandahan ng bayang ito.

Ang **Nature Church** ay ganoon din marami ang pumupunta dito dahil sa kakaibang ganda ng nasabing lugar. Ang pisikal na itsura nito na nagbibigay ng isang magandang halimbawa ng paraiso sa lupa. Mas lalo kang mapapalapit sa panginoon dito sa nasa lugar na ito.

**Sabong** naman ay sinasabing isa sa kulturang yaman nating mga Pilipino. Marahil ito na rin ay masasabi isa sa mga tradisyon na noon pa'y nasa atin ng mga Pilipino. At ang pagpapatuloy sa nasabing tradisyon ay isang katangi-tanging gawain.

Ang **Zapote Bridge** na sinasabing "historical landmark" dahil ito ay saksi sa naging paglalaban ng mga Pilipinong Rebolusyonaryo at mga Kolonyang Espanya noong mga panahon ng Rebolusyonaryo ng 1896. Ang tulay na ito ay nagsisilbing tanda ng kagitingan ng mga Pilipno.

Maliban sa Saint Joseph's Church at ang Bamboo Organ nito at ang Nature Church ang iba sa mga kulturang yaman ng Las Piñas ay unti-unti ng napababayaan.

Bagama't ang mga nasabing Kulturang Yaman ay mariing nananatili sa Lungsod ng Las Piñas tila yata ito'y nababaliwala na lamang ang kanilang importansya sa nasabing lugar. At unti-unting nababaon sa limot ng mga tao. Ang Salt Beds o Asinan ay tinatabunan na ng lupa upang tayuan ng mga bagong establisyamento, at iilan na lamang ang salt beds sa nasabing lugar. At ang Sarao Motors na isinara na may dalawang tao (2 years) na yata ang nakalilipas. Hindi ba't mga industriya ito na nakapagbibigay ng kinabubuhay sa mga tao at nakatutulong sa ekonomiya ng Las Piñas. Ang Zapote Bridge naman ay tila naman napapabayaan na dahil sa ang kapaligiran nito ay puro basura, ba't kaya nawawala na ang importansya ng nasabing lugar.

Ang Sabong na nagiging isang libangan ay tila napapariing pinapahalagahan ang Kulturang ito. Ngunit ang mga tao ngayon ay ginagawa itong paraan ng pagsusugal, dahil na rin ang mga tao ay ginagawang negosyo ito.

Tila ba ang mga Kulturang Yamang ito ay nagsisilbing pigura na lamang sa Las Piñas? Paano na ang kulturang yaman na nagbibigay identidad sa Las Piñas. Ang programang Las Pinas Historical Corridor ay sinasabing sagot ng Lokal na Pamahalaan ukol sa mga natatanging yaman ng Las Piñas at sa unti-unti nitong pagkawala. Naglalayong ibalik ng programang ito ang itsura ng lumang Las Piñas noong mga panahon ng Espanyol. Sinimulan ito ni Dating Congressman Manny B. Villar na ngayon ay Senador na. At ibinabase daw ang proyektong ito sa Vigan at Intramuros. Aayusin daw ang mga establisyamentong ito na ukol sa anyo ng architecturang españyol at "irestore" ang mga nasabing "historical points" sa nasabing corridor. Ito raw ang makapagaanyaya ng mga tourista para maipakita ang kulturang yaman ng nasabing

lungsod. Kabilang dito sa programang ito ang mga nabanggit na kulturang yaman ng Las Pinas at ang pagsasaayos nito.

Ngunit kung titingnan ang mapa kung saan ang buong proyekto ng Historical Corridor ay tila hindi ito kapanipaniwala, dahil na rin sa napakarami ng gustong gawin ng pamahalaan ukol dito. Parang napakaimposibleng mangyari na ang lahat ng ito ay mga "cultural at historical points". Ano ang maaari nilang dahilan sa pagrerestore na ito, ang pilosopiyang ipinaiiral nila upang gawin ang nasabing proyekto? Maaari bang matapos ang nasabing programa sa mabili na panahon at sa nasabing administrasyon nito? Paano na kung hindi ito matapos? Sa nakita ng nagsaliksik at nagsulat nito ay mga 30-40% pa lamang nito ang natatapos, at marahil sa dami nito ay hindi agarang maisasakatuparan ang proyekto. Ang gumagawa kaya ng programa ay mariing inalam ang sitwasyon at kalagayan ng nasabing historical corridor at ang kasalukuyang sitwasyon ng mga kulturang yaman na meron ang nasabing lugar. Pagnatapos na kaya ang termino ng kasalukuyang administrasyon ay maitutuloy pa kaya ang program. Naglayon lamang bang ihalimbawa ng lungsod ang pagaakit sa mga tourista o naglayon itong isagip ang nawawalang kultura. Oo nga't dapat ishowcase ang programa at ang mga proyekto dito ngunit ang kailangan na sagipin ay ang buhay ng kulturang ito na naglilipon ng natural o man made na kagandahan ng lugar. Sa maraming panahon ay marami na ang nakakakita sa proyekto at ang kasalukuyang sitwasyon ng kulturang pilit inihubog ng panahon para sa lungsod na ito. Ang Las Piñas Historical Corridor Program ba ay sagot sa mga nawawalang kultura ng Las Piñas. O isa lamang itong palabas para maiukol ng pansin ng mga tao na hindi pinababayaan ng

lokal na pamahalaan ang buong lungsod at pati na rin ang kulturang yaman na nakapaloob dito.

Ito kaya ang makatutulong o makagigimbal sa pag-unlad ng kulturang yaman ng Las Piñas...

**Rekomendasyon:**

Ang pag-aaral na ito ay mariing nererekomenda sa mas masusi pang pag-aaral. Upang maisagawa ang nasabing plano ng Historical Corridor at ng mabigyang linaw ang mga tanong sa nasabing programa. Upang mailahad din ang iba't-ibang mga Kulturang Yaman ng Nasabing lungsod at upan mabigay ang pagpapahalaga dito. Ang pag-aaral ng nanaliksik ay naglayong ihayag ang importansya ng mga kulturang yaman ng Las Piñas at para maitaguyod ang nasabing identidad nito sa ngalan ng kultura. Ang mga kailangang isasaliksik pang mabuti ay ang pilosopiyang bumabalot sa Historical Corridor Program at ang mga kailangang gawin pa sa nasabing programa upang umugma sa Kulturang Yaman ng Las Piñas at hindi lamang para maakit ang mga tourista kundi para na rin sa mga Pilipino...

**BIBLIOGRAPIYA:**

**Las Piñas Almanac,** pp. 1-10, 25-35, 40-48, 56-64, 71-72, 1996

**Las Piñas Our Home,** 1997

**Las Piñas City: It's about time,** pp. 1-25, 1997

Archetegui, Pedro S., **Aguinaldo and the revolution of 1896,**pp. 1-5

Father Rogliardi, Perino, **The Nature Church,**pp 1-15

Villar, Manny B., **Las Piñas Historical Corridor,**1999

***ARTICLES:***

**Las Piñas City Profile:** Municipal Hall

**History of Las Piñas:** Public Library of Las Pinas

**Bamboo Organ of Las Pinas**

**International Bamboo Organ Festival**

**Las Piñas Historical Corridor**

***INTERVIEWS:***

**Congrewoman Cynthia Villar**

**Councilor Ching Fabian**

**Engr. Dante Gonzales**

**Jojit Guevarra**

**Marj and Dianna (staff)**

**Mr. Berting Esquillo**

**Mr. Ric Labayo**

**Mrs. Remy Habunal**

**Mr. Kiko Espejo**


# *APPENDIX*

# The Las Piñas Historical Corridor


## Opening a Window of Filipino History & Culture












WESTVILLE
HOMES










ZAPOTE BATTLEFIELD
ON THIS SITE THE FILIPINO
REVOLUTIONARY FORCES FOUGHT
TWO DECISIVE BATTLES
AGAINST THE SPANISH
17 FEBRUARY 1897
FILIPINO GENERAL
EVANGELISTA WAS
OTHER AGAINST THE
FORCES 13 JUNE 1899
GENERAL H. W.
MATEO RIZAL






TO
NATURES





















February 1, 2002

**Hon. Congresswoman Cynthia Villar**
Congresswoman
Las Piñas, Metro Manila

**Dear Hon. Villar:**

I am Deil – Matthew P. Batalla, a 4th year Philippine Arts major at the University of the Philippines, Manila. In my bid for graduation I am required to submit a baccalaureate thesis this March. As a proud citizen of Las Pinas, I chose the topic about the city's tourism program and the projects of the local government regarding this matter. I find it very interesting and fascinating. I want to promote the city's tourism spots and it's importance.

In line with this I would like to ask the assistance of your humble office regarding this matter. I would like to ask for some data and information regarding the programs on the tourism scenes and other projects of the local government on the historical corridor and it's preservation and restorations, or any other materials that could supply information regarding my thesis. And if not much asking of your time, can I conduct an interview regarding this matter?

Thank you for your kind consideration and I hope you could help me in making this thesis possible.

God bless to you and your family. More power!

Respectfully yours,

**DEIL-MATTHEW P. BATALLA**

OFFICE OF CONGRESSWOMAN CYNTHIA VILLAR
RECEIVED BY:
DATE: 02-01-002

872 85 40
margie / Shiela

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

*City of Las Piñas*

**OFFICE OF THE CITY COUNCIL**